

## CVCIEERD itinayo sa Central Visayas; kasunduan pormal na nilagdaan

Ni Rosemarie C. Señora, *DOST-STII*

**B**ilang pagsisikap na maipalaganap pa ang paggamit ng agham at teknolohiya para sa pagpapalago ng sektor ng industriya, enerhiya, at umuusbong na teknolohiya sa Central Visayas, ang Department of Science and Technology (DOST) Region VII, sa pakikipagtulungan ng DOST-Philippine Council for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development o DOST-PCIEERD ay nakapagtayo ng samahang tinatawag na CVCIEERD na binubuo ng mga higher education institution o HEI sa rehiyon.

Ang CVCIEERD o ang Central Visayas Consortium for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development, ay isang samahan at pagtutulungan ng mga unibersidad at kolehiyo sa rehiyon na dalubhasa sa larangan ng pag-iinhinyero at iba pang kaugnay na agham na may layong pagtibayin pa ang pananaliksik sa mga nabanggit na larangan. Dito idaraan ng DOST-PCIEERD at iba pang funding agencies ang pondo para sa pananaliksik.

Tutulong din ang DOST-PCIEERD sa operational expenses ng samahan at sa paglilinan ng kapasidad ng mga mananaliksik galing sa mga member institution para sa paghahanda ng mga panukala upang ang mga ito ay mas madaling makapaghanap ng

sundan sa pahina 2

## Mga Nilalaman

Philippine Innovation Week idinaos sa bansa.....	p3
Dalawang dekada ng Pisay ipinagdiwang.....	p4
LarawaNews.....	p4

## Mga teknolohiyang suportado at gawang DOST ibinida sa mga imbestor

Ni Allan Mauro V. Marfal, *DOST-STII*



Isinagawa ng DOST-TAPI ang “ROs Meet Tech Gens” sa Crimson Hotel sa lungsod ng Maynila noong ika-4 ng Pebrero 2019 upang maipakilala ang mga pag-aaral at teknolohiya na dinedebelop at sinusupportahan ng DOST sa mga potensyal na mamumuhunan. (Larawan mula sa DOST-TAPI)

**I**sang aktibidad ang inorganisa ng Department of Science and Technology-Technology Application and Promotion Institute (DOST-TAPI) na magpapakilala sa mga pag-aaral at produkto na pinopondohan ng DOST sa mga potensyal na imbestor.

Sa pagpupulong na pinamagatang “ROs Meet Tech Gens”, nagkaroon ng pagkakataon ang mga mananaliksik at siyentipiko sa iba’t ibang parte ng bansa na ipakita sa mga mamumuhunan at lider ng industriya ang kanilang mga dinedebelop na pag-aaral at produkto. Ginanap ang pagtitipon noong ika-4 ng Pebrero 2019 sa Crimson Hotel sa lungsod ng Muntinlupa.

Ayon kay Dr. Rowena Cristina L. Guevara, tumatayong Undersecretary for Research and Development ng DOST, ninanais ng ahensya na magkaroon ng dayalogo at pagpapalitan

ng kaalaman sa pagitan ng mga siyentipiko’t mananaliksik sa bansa at mga imbestor at mga lider ng industriya hinggil sa mga partikular na pangangailangan ng iba’t ibang rehiyon at probinsya sa bansa.

Paliwanag ni Usec. Guevara, ang nasabing okasyon ay maaaring magbigay-daan upang mapag-usapan at malaman ang mga nararapat na pag-aaral at teknolohiya na makatutulong sa pagbibigay ng solusyon sa kani-kaniyang problema ng mga lugar sa bansa.

“We want to bring the technologies closer to the ones who make decisions so that our technologies can find home to those who are capable of adopting them,” sabi ni Usec. Guevara.

Labing-apat na teknolohiyang pinopondohan ng DOST-Philippine Council for  
sundan sa pahina 2



Ang mga miyembro ng CVCIEERD o Central Visayas Consortium for Industry, Energy and Emerging Technology Research and Development sa isang photo opportunity sa harapan ng opisina ng DOST-VII matapos ang MOA signing na ginanap sa Elena O. Diola Hall. Mula kaliwa ay sina: PSTC-Negros Oriental Director Atty. Arbon, Kilat of SPUD, FU Chancellor for Academic Affairs Alih, DOST-VII Assistant Regional Director Engr. Zamora, Jr., Elvie C. Cenita ng DOST-VII, USC President Fr. Miranda, USJ-R COE Dean Engr. Badana at Engr. Salazar, Engr. Abing ng DOST Negros Oriental, DOST-VII Regional Dir. Engr. Paradela, UP Cebu Chancellor Atty. Corro, CIT University President Engr. Villamor, UC Chief Legal Counsel Atty. Sarausad, SU VP for Development Prof. Belarmino, HNU VPAA Bro. Bulilan, BISU President Dr. Pobar, BISU VP for RDE Dr. Sayson, BISU Research Dir. Dr. Castil, Mary Ann A. Aranas ng UV at UV Research Dir. for R&D Dr. Vasquez, UB President Dr. Tirol III, at NORSU President Dr. Limson. (Larawan mula sa PSTC-Negros Oriental).

### CVCIEERD itinayo...

#### Mula sa pahina 1

magpopondo.

Ito ay pinagtibay ng isang Memorandum of Agreement o MOA na nilagdaan ng mga kinatawan ng mga higher education institute (HEI) sa rehiyon noong ika-7 ng February 2019 sa Elena O. Diola Hall ng DOST-VII sa Lahug, Cebu City.

Pinangunahan ni DOST-VII Regional Director Engr. Edilberto L. Paradela ang naturang pagtitipon kasama sina DOST-VII Assistant Regional Director Engr. Jesus F. Zamora, Jr., Provincial Science and Technology (PSTC)-Negros Oriental Director Atty. Gilbert R. Arbon, Bohol

Island State University (BISU) President Dr. Regucuvilla A. Pobar, BISU Vice President for Research and Development Dr. Zina D. Sayson, BISU Director of Research and Development Dr. Proceso M. Castil, Cebu Institute of Technology (CIT) University President Engr. Bernard Nicolas E. Villamor, Foundation University (FU) Chancellor for Academic Affairs Faisal M. Alih, at Holy Name University Vice President for Academic Affairs (HNU VPAA) Bro. Carl Milos R. Bulilan.

Dumalo rin sina Negros Oriental State University (NORSU) President Dr. Joel P. Limson,

Silliman University (SU) Vice President for Development Prof. Jane Annette L. Belarmino, Clifford M. Kilat ng St. Paul University Dumaguete, University of Bohol (UB) President Dr. Victoriano B. Tirol III, University of Cebu (UC) Chief Legal Counsel Atty. Manuel Elijah J. Sarausad, University of San Carlos (USC) President Fr. Dionisio M. Miranda, University of San Jose-Recoletos (USJ-R) Dean Engr. Jeremiah A. Badana and Engr. Randy K. Salazar, University of the Philippines (UP) Cebu Chancellor Atty. Liza D. Corro, at University of the Visayas (UV) Director for Research and Development Dr. Brian A. Vasquez kasama si Mary Ann A. Aranas.

Sa kanyang talumpati, nagpaabot ng pasasalamat si DOST-VII Regional Director Paradela sa mga nakiisang kinatawan ng mga HEI, partikular na sa mga presidente ng unibersidad at kolehiyo. Hinamon niya rin ang mga dumalo na gumawa ng mga makabagong pananaliksik na may kaugnayan sa pangangailangan ng Central Visayas.

Sa unang tatlong taon ng operasyon, magsisilbing chairman ng CVCIEERD ang NORSU katuwang ang DOST-VII bilang co-chair. Pagkatapos ng panahong iyon, mamimili ang lupon ng isang HEI member na siya namang magiging chairman sa susunod na tatlong taon.

Noong Setyembre ng nakaraang taon sa NORSU sa Dumaguete City ay naganap ang unang pag-uusap tungkol sa pagsasabalik ng CVCIEERD na huli pang nagtipon noong 1990s. Ito ay sa imbitasyon ng DOST-VII sa pamamagitan ng PSTC-Negros Oriental sa DOST-PCIEERD at mga unibersidad at kolehiyo sa rehiyon. (Impormasyon mula kay Engr. Reinhold Jek Y. Abing, PSTC-Negros Oriental)

### Mga teknolohiyang...

#### Mula sa pahina 1

Agriculture, Aquatic, and Natural Resources Research and Development at pito mula sa DOST-Forest Products Research and Development Institute ang ipinisinta sa nasabing pagtitipon.

Nagkaroon din ng pagkakataon ang mga DOST regional director at technical staff na makapili ng mga teknolohiya na makatutulong sa kani-kanilang rehiyon. Ibinahagi rin dito ang mga magaganap sa darating na "Technology Transfer Day" sa ika-4 ng Abril 2019.

Paglalahad ni Caezar Angelito E. Arceo, supervising science research specialist ng DOST-TAPI, mayroong 72 teknolohiya ang nabigyan ng Fairness Opinion Report ng kanilang

institusyon, kung saan 31 rito ay matagumpay na nakakuha ng Technology Licensing Agreements.

Bukod dito, anim na teknolohiya ang nagawang mai-commercialize sa buong bansa mula sa taong 2016 hanggang 2017.

Ilan sa mga ito ay ang portable pellet machine ng Central Luzon State University, salt iodization at salt washer machine ng DOST-Industrial Technology Development Institute, at liquefied petroleum gas fired spray dryer, rice transplanter, at rice harvester attachment for hand tractor ng DOST-Metals Industry Research and Development Center. (Impormasyon mula kay Jund Rian A. Doringo, DOST-TAPI)

**RODOLFO P. DE GUZMAN**  
Editor-in-Chief

**JASMIN JOYCE P. SEVILLA**  
Managing Editor

**JAMES B. INTIA**  
Layout Artist

**ROSEMARIE C. SEÑORA**  
Proofreader

**ALLAN MAURO V. MARFAL**  
Circulation

Ang Balitang Rapidost ay buwanang lathalain ng Institusyon ng Impormasyon sa Agham at Teknolohiya (STII) para sa Kagawaran ng Agham at Teknolohiya (DOST).

Para sa inyong mga tanong at suhestiyon, maaari po kayong mag email sa [balitangrapidost@gmail.com](mailto:balitangrapidost@gmail.com) o tumawag sa DOST trunkline (02)837-2071 to 82 loc. 2148.



## Libreng serbisyo sa calibration hatid ng DOST-X sa Mis Occ

Ni Jasmin Joyce P. Sevilla, *DOST-STII*  
Mga larawan mula sa DOST-X

**I**ba't ibang mga health center at Barangay Nutrition Scholars (BNS) sa Misamis Occidental ang nakakuha ng libreng serbisyo sa calibration mula sa Department of Science and Technology (DOST) Region X sa ginanap na Science and Technology (S&T) Caravan sa Municipal Civic Auditorium, Linamon, Lanao del Norte noong ika-28 ng Pebrero 2019.

Nasa 62 na hanging-type weighing scale na may kapasidad na 25 kilogram bawat isa ang nai-calibrate ng Regional Metrology Laboratory (RML) sa ilalim ng DOST-X Regional Standards and Testing Laboratories (RSTL). Ang mga hanging-type weighing scale na ito ay ginagamit para sa pagtitimbang ng mga sanggol at bata na nasa 0 hanggang 59 na buwang gulang.

"Mga timbangan to nga gi issue namo (City Nutrition Office) to all Barangay Nutrition Scholars kay sila man ang in charge sa operation timbang ug weight monitoring sa 0-59 months children. Ang uban mao gigamit sa health centers. (Ang mga timbangan na ito ay inisyu namin (City Nutrition Office) sa lahat ng Barangay Nutrition Scholars bilang sila (BNS) ang nakatalaga para sa Operation Timbang at pag-momonitor ng timbang ng mga batang edad 0 hanggang 59 na buwan. Ginagamit din ng mga health center ang ilan sa mga timbangan na ito.)," ani Lelita G. Navaraez, city nutrition officer ng Ozamiz.

Dagdag pa ni Navaraez, masaya sila nang malaman ang tungkol sa S&T Caravan dahil nangangailangan talaga sila ng calibration.

"Hi, Mam... thank you jud kaau misugot mo mo avail me sa free calibration. Urgent man gud amo need ani mao nalipay jud ko pagkakita nako sa post ninyo sa fb. (Hi, ma'am. Maraming salamat po sa pagbibigay sa amin ng pagkakataong makakuha ng libreng serbisyo sa calibration. Natutuwa kami na makita ang Facebook post ninyo tungkol dito dahil kailangang kailangan namin talaga ito.)," wika ni Navaraez.

Ang mga timbangan ay nilagyan din ng calibration sticker noong S&T Caravan bilang patunay na pumasa ito sa calibration standard.

Bukod dito, makatatanggap din ang mga health center at BNS ng Misamis Occidental ng



Ikina-calibrate ni Jerald V. Esmeralda, isa sa mga staff ng RML ng DOST-X RSTL, ang isa sa mga 62 hanging-type weighing scale ng BNS at health centers ng Misamis Occidental.



Ang booth ng DOST-X RSTL na nagsasagawa ng libreng chemical testing sa tubig ng 17 kabahayan.

calibration certificate mula sa DOST-X RSTL.

Bahagi rin ng S&T Caravan ang pagbibigay ng libreng water testing sa pH level, color, at turbidity (linaw ng tubig) sa 17 kabahayan.

Sa pangunguna ng DOST-X, ang S&T Caravan na ginanap sa Lanao del Norte ay isa lamang sa tatlong S&T Caravan na gaganapin sa dalawa pang probinsya ng rehiyon. Ang pangalawa ay gaganapin sa Camiguin sa

darating na Mayo habang ang huli ay sa Misamis Occidental na idaraos naman sa Agosto.

Para sa karagdagang impormasyon, maaaring tawagan ang DOST-X sa (088) 858-3931 o i-message sila sa kanilang Facebook page ([www.facebook.com/dostregion10/](http://www.facebook.com/dostregion10/)). (Impormasyon mula kay Julie Anne H. Baculio, DOST-X)



# Pagsasanay sa food safety idinaos sa La Libertad, Negros Oriental

Ni David Matthew C. Gopilan, *DOST-STII*

**H**alos 100 food handlers at processors, mga nagtatrabaho sa mga pagawaan ng pagkain at lokal na pamahalaan ang lumahok sa isang araw na pagsasanay sa food safety sa La Limar Beach Resort, La Libertad, Negros Oriental noong ika-8 ng Pebrero 2019.

Layon ng pagsasanay na ito ang matutunan ng food handlers - o mga taong kabilang sa proseso ng paggawa ng mga pagkain - ang tamang pananatili ng kalinisan ng pagkain na kaakibat ng food safety. Mahalaga ang food safety sa mga food handler dahil sila ang nasa front line o pangunahing

indibidwal na humahawak ng pagkain. Pinanguhan ng Department of Science and Technology Provincial Science and Technology Center (DOST-PSTC) ang nasabing pagsasanay. Kaagapay sa training ang PSTC-Negros Oriental Food Safety Team (NOFST) sa pangunguna nina Gemma B. Kitane at Evelyn S. Fajardo ng Silliman University.

Ipinaliwanag ni Kitane ang kahalagahan ng food safety, food hygiene, at mga pinakabagong kasanayan sa paggawa ng mga produkto o good manufacturing practices (GMP). Tinalakay din niya ang mga batas na pinagtitibay ang food safety at ang

konseptong “farm-to-fork” o proseso ng pagkain mula sa bukid hanggang sa hapag-kainan. Napag-usapan din sa naturang kaganapan ang food hazard o mga panganib sa maling paghawak ng pagkain, personal hygiene o kalinisan sa sarili, at pag-iwas sa cross-contamination ng pagkain. Ang cross-contamination ay ang hindi sadyang pagsalin ng mikrobyo mula sa isang pagkain o sangkap sa isa pang pagkain.

Tinalakay din ang mga konsepto ng traceability o pagsubaybay ng pagkain o produkto mula sa produksyon, pagproseso, at distribusyon, at food allergen o mga sangkap na maaaring magdulot ng allergy o sakit. Kasama rin sa mga tinalakay ang shelf life o tamang pag-iimbak, at food recall o pagbawi mula sa palengke ng pagkaing natuklasang hindi pala ligtas kainin.

“The purpose of this activity is to widen our learning in food safety and preparation. Our work is very critical since we are the direct link from food to consumers. Let us all try to be open-minded and incorporate the useful recommendations advised to us,” ayon kay Kitane.

Pangunahing miyembro ng NOFST sina Kitane at Fajardo na kilalang mga dalubhasa sa food safety, hygiene, GMP, at hazard analysis critical control point. Minsan na silang naging tagapagsalita sa ibang pagsasanay gaya ng product development, product packaging at labeling, at iba pa. (Impormasyon mula kay Sean Adrian T. Guardiano, PSTC-Negros Oriental)



Si Evelyn S. Fajardo at mga kalahok ng pagsasanay sa food handling. (Larawan mula sa PSTC-Negros Oriental).

## LarawaNEWS

Opisyal na itinalaga ni Department of Science and Technology (DOST) Secretary Fortunato T. de la Peña (kaliwa) si Dr. Annabelle V. Briones bilang bagong Director ng DOST-Industrial Technology Development Institute (ITDI). Mahigit isang taong nanilbihan bilang Officer-in-Charge si Dr. Briones sa DOST-ITDI matapos ang panunungkulan ni Dr. Patricia V. Azanza bilang DOST-ITDI Director noong ika-31 ng Disyembre 2017. Nagsimula siya bilang Science Research Specialist I sa dating National Institute of Science and Technology kung saan na-promote siya bilang Supervising Science Research Specialist hanggang sa manungkulan siya bilang Chief Science Research Specialist ng Chemicals and Energy Division. Noong 2018, ginawaran din siya ng titulong Scientist I para sa ilang dekada niyang pag-aaral tungkol sa carrageenan at iba pang pharmaceutical kabilang na ang pag-debelop ng mosquito ovi-larvicidal trap o OLTrap. Nanumpa sa katungkulan si Dr. Briones noong ika-21 ng Pebrero 2019 sa conference room ng Advanced Device and Materials Testing Laboratory (ADMATEL) sa harap ng DOST Executive Committee kasama ang mga kawani ng DOST-ITDI at ng bagong DOST Assistant Secretary for Finance na si Maridon O. Sahagun. (Teksto ni Jasmin Joyce P. Sevilla, DOST-STII; Impormasyon at Larawan mula kay Reginald Roy U. de la Cruz, DOST-ITDI).

